


# Ang Mga Karapatan Mo Sa Ilalim ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa

PAMBANSANG LUPON SA UGNAYAN SA PAGGAWA

## May karapatan ang mga manggagawa na magsama-sama upang mapabuti ang kanilang mga kondisyon sa pagtatrabaho — mayroon man silang unyon o wala.

### Protektado ang mga sama-sama pagkilos

- Pakikipag-usap sa kapwa tungkol sa mga usaping may kinalaman sa trabaho gaya ng kita, oras, kaligtasan o hindi patas na pagtrato.
- Pagdaing tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa trabaho sa kinauukulan, ahensiya ng pamahalaan, sa press, o sa sinoman.

### Maaaring proteksyunan ang gawain ng isang indibidwal

- Pagsasalita para sa iba pang mga manggagawa
- Pangungumbinsi sa ibang mga manggagawa na magsama-sama upang pagbutihin ang kanilang pook-paggawa
- Pagsasampa ng kaso sa NLRB

### Protektado ang mga gawain ng unyon

- Pagpapahayag ng suporta sa unyon sa pook-paggawa
- Pagtulong sa unyon na mag-organisa ng mga katrabaho
- Tumangging sumuporta ng unyon

### Kung sasanayin mo ang iyong mga karapatan sa ilalim ng NLRA, hindi maaring gawin ng employer mo na

- Sisantehin ka o ibaba ang katungkulan mo
- Bawasan ang iyong kita, oras o mga benepisyo
- Pahirapan ka o pahirapin ang trabaho mo
- Takutin ka
- Tanungin ka tungkol sa pakikisama mo sa pagkilos o sa pagkilos mo sa unyon
- Tiktikan ang pakikisama mo sa pagkilos o mga pagkilos mo sa unyon


Kung tingin mong nakaranas ka ng diskriminasyon sa pagsasanay mo ng iyong mga karapatan sa ilalim ng NLRA, o kung nais mo ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan ka sa amin. Ang tawag mo ay walang bayad at lihim.

**Numero ng pambansang opisina** 1-844-762-6572

**Maghanap ng lokal na opisina** bit.ly/nlrboffices

**Magsampa ng kaso** bit.ly/FileACharge

nlrb.gov | @NLRBGC | @NLRBGC | @NLRB_GC | publicinfo@nlrb.gov


# Sinu-sino ang nasasaklaw ng Pambansang Batas sa Ugnayan sa Paggawa?

**Karamihan ng nasa pribadong sektor ay protektado, kasama na ang:**

- **Mga manggagawang "blue-collar" gaya ng mga taong nagtatrabaho sa mga pagawaan, construction, at maintenance.**
- **Mga manggagawang "white-collar" gaya ng mga mamamahayag, mga nagtatrabaho sa non-profit, at mga nagtatrabaho sa teknolohiya.**
- **Mga taong nagtatrabaho sa mga restoran, mga hotel, sa kalusugan, at retail.**

**Protektado ang mga manggagawa mayroon man o wala silang mga papeles sa imigrasyon na nagbibigay sa kanila ng daang makapagtrabaho sa U.S.**

**I-scan ito upang mai-download ang aming mobile app**

**nlrb.gov** **@NLRBGC** **@NLRBGC** **@NLRB_GC** **publicinfo@nlrb.gov**